

Detailed Lesson Plan
TLE- IV
Home Economics

I. Layunin

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- ❖ Natutukoy ang angkop na kagamitan sa paglilinis ng bahay.
- ❖ Naiisa-isa ang mga gamit ng mga kagamitan sa paglilinis sa bahay.
- ❖ Pagpapahalaga sa kalinisan sa bahay.

II. Paksang Aralin

Paksa: Angkop na kagamitan sa paglilinis ng bahay.

Sanggunian: Batayang Aklat sa Edukasyong Pang tahanan at Pangkabuhayan, Baitang 4, CCG,K-12 EPP4,HE-Of-9

Kagamitan: Larawan ng kagamitan sa paglilinis ng bahay,plaskard, pentel pen, manila paper,

III. Pamamaraan

Gawain ng Guro	Gawain ng Mag-aaral
A. Panimulang Gawain 1. Panalangin Tumayo ang lahat para sa ating panalangin. _____ pamunuan mo ang panalangin. Salamat! 2. Pagbati Magandang hapon mga bata! Salamat! Bago maupo ang lahat maari bang pakiayos ng mabuti ang inyong mga upuan at pulutin ang mga kalat sa ilalami ng inyong mga upuan. Maaari ng maupo ang lahat. 3. Pagtala ng lumiban May liban ba sa klase? Okey magaling ! B. Panlinang na Gawain A. Pagganyak Bago tayo magsimula sa ating klase ngayong araw meron akong mga inihandang mga larawan at alam kong pamilyar kayo ito sa inyo. Nais kong tukuyin ninyo kung ano ang mga nasa larawan, naiintindahan ba mga bata? Handa na ba kayong makita ang mga larawang aking ipapakita?  Alam niyo ba kung ano ang nasa larawan? Anong kagamitan ito? Magaling!	(nanalangin) Magandang hapon po Ma'am. Magandang hapon mga kamag-aral Magandang hapon sa inyong lahat . (inayos ang upuan at pumulot ng basura) (umupo na ang lahat) Wala po ! Opo Ma'am! Opo Ma'am! Walis tingting po .



Sa pangalawang larawan ,anong kagamitan ito?
Magaling !



Ngayon naman ano ang nasa larawan?
Okey magaling !



Ito naman, anong kagamitan ito?
Magaling mga bata !



Sa panghuling larawan ano ang inyong nakikitang kagamitan?

Magaling mga bata !

Sa tingin ninyo ano kaya ang ginagawa ng babae sa larawan?

Napakahusay mga bata!

Dahil natukoy niyo lahat ang mga kagamitan sa larawan bigyan niyo ang bawat isa ng Very Good Clap.

Okey sabay sabay tayo! 1.2.3. 1.2.3 VERY GOOD, VERY GOOD ,VERY GOOD !

B. Paglalahad

Magaling mga bata !

Ngayon base sa aking mga larawang ipinakita mayroon naba kayong ideya kung tungkol saan ang ating pag-aaralan ngayong araw?

Tungkol saan?

Okay magaling !

Dahil ang ating pag-aaralan ngayong araw ay tungkol sa Angkop na kagamitan sa paglilinis ng bahay.

C. Pagtatalakay

Kalugod-lugod ang malinis na tahanan. Maaliwalas ang pakiramdam at nakadaragdag ng kagandahanng pamamahay. Magiging magaan ang paglilinis ng bahay

Bunot po.

Dustpan po Maam!

Walis tambo po.

Balde po.
Mop po.

Naglilinis po ng sahig maam.

1.2.3. 1.2.3 VERY GOOD, VERY GOOD ,VERY GOOD !

Opo maam.

Tungkol po sa mga kagamitan sa paglilinis.

kapag gumagamit ng angkop na kagamitan



Mga kagamitan sa paglilinis ng bahay

Kagamitan	Gamit	Pag-aalaga
Walis tingting	Ginagamit sa pagwawalis ng magaspang na sahig at sa bakuran	Hugas at isabit pagkatapos gamitin
Walis tambo	Ginagamit sa pagwawalis ng sahig na makinis	Isabit sa pako
Basahang tuyo	Ginagamit sa pagtanggal ng alikabok at pamunas ng kasangkapan	Sabunin ,banlawan at isampay
Mop	Ginagamit na pamunas sa sahig	Sabunin, banlawan, pigain at patuyuin.
Bunot	Ginagamit sa pagpapakintab ng sahig	Kiskisinang duming sumabit sa bunot ,pukpukin at tanggalin ang talim ng bunot na ikinuskos sa sahig
Pandakot	Ginagamit upang dakutin ang mga dumi o basura	Hugasan pagkatapos gamitin at isabit o ilagay sa dapat kalagyan.

Mga Pantulong na Kagamitan sa Paglilinis

Kagamitan	Gamit
1. Sabon at tubig	Paglilinis ng sahig at mga bintana
2. Sabong pulbos/ likidong panlinis	Paglilinis ng lababo, indoor at palikuran
3. Floor wax	Pampakintab ng sahig
4. Likidong wax	Pampakintab ng barnisadong kasangkapan
5. Suka at lumang	Gamit sapaglilinis ng

diyaryo	mga salamin										
6. Bleach at iba pa	Pang alis ng mantsa sa lababo at inidoro										
D. Paglalapat Igugrupo ko kayo sa tatlo . Bawat grupo ay bibigyan ko lamang ng 2 minuto para idikit ang mga salitang nabuo sa manila paper. Mayroong mga salitang gulo-gulo ,ayusin ito at idikit sa isang manila paper . Ang unang matatapos ang siyang panalo. <table border="1"> <tr> <td>Awlis gintigt</td><td>ukas</td><td>bealch</td></tr> <tr> <td>Bshaan</td><td>ntbou</td><td>omp</td></tr> <tr> <td>Oflor xaw</td><td>bsoan</td><td>datpaokn</td></tr> </table> Mahusay mga bata ! bigyan ninyo ang bawat isa ng 5 palakpak. *Clap clap clap clap clap E. Paglalahat Mayroon ba kayong natutunan sa ating itinalakay ngayong araw mga bata ? Magaling ! Kung talaga ngang nakinig kayo mayroon akong mga katanungan. Magbigay nga ng mga halimbawa ng kagamitan na ginagamit sa paglinis. Itaas lamang ang kamay ng nais sumagot. Okay_____ magbigay ng kagamitan sa paglilinis. Ano pa ? Ibang kamay naman. Okay napakahusay talagang ngang nakinig ang lahat. Bakit ba mahalaga ang pag gamit ng wastong kagamitan sa paglilinis? Magaling ! Bigyan ninyo ang inyong mga sarili ng 5 million clap. 1 million(clap), 2 million(clap), 3million(clap),4 million(clap), 5 million(clap)		Awlis gintigt	ukas	bealch	Bshaan	ntbou	omp	Oflor xaw	bsoan	datpaokn	*Clap clap clap clap clap Opo maam Maam ! Basahan po Floor wax po Bunot Mop Sabon at tubig Pandakot Walis tingting Walis tambo Suka at diyaryo Upang mas mapadali po ang trabaho at maging maayos. 1 million(clap), 2 million(clap), 3million(clap),4 million(clap), 5 million(clap)
Awlis gintigt	ukas	bealch									
Bshaan	ntbou	omp									
Oflor xaw	bsoan	datpaokn									

IV. Pagtataya

Panuto: Piliin sa kahon at isulat sa patlang kung anong kagamitan ang tinutukoy ng bawat pangungusap.

Floor wax	Mop	Walis tingting
Walis tambo	Basahang tuyo	Pandakot

- _____ 1. Ginagamit sa pagpapakintab ng sahig.
- _____ 2. Ginagamit sa pagwawalis ng magaspang na sahig at sa bakuran.
- _____ 3. Ginagamit upang pulutin ang mga dumi at basura.
- _____ 4. Ginagamit sa pag-alis ng alikabok at pamunas ng kasangkapan.
- _____ 5. Ginagamit na pamunas sa sahig.

V. Takdang Aralin

Gumupit ng (5) larawan ng kagamitang pang linis na karaniwang ginagamit ninyo sa inyong bahay ,idiki ito sa inyong kwaderno.

**Inihanda ni: KIMBERLY R ABARY
BEED-3A**